Marso 24, 2021

# Ang Planong Aksyon ng Ontario: Pagprotekta sa Kalusugan ng mga Tao at Ating Ekonomiya

## Ang 2021 Badyet *ang magdadala ng hanggang $51 Bilyon sa Pagtugon ng Probinsya sa COVID-19*

Toronto - Ngayong araw na ito, ang Ministro ng Pananalapi at Presidente ng Lupon ng Tresoreya (Minister of Finance and President of the Treasury Board) na si Peter Bethlenfalvy ay nagpalabas ng *Planong Aksyon ng Ontario: Pagprotekta sa Kalusugan ng Mga Tao at Ating Ekonomiya (Ontario's Action Plan: Protecting People's Health and Our Economy)*. Ang *2021 Badyet* ay ang susunod na bahagi sa pagtugon ng Ontario sa Covid-19 at ang pangalawang Badyet na inihatid ng gobyerno sa panahon ng pandemya.

"Hindi maaaring magkaroon ng malusog na ekonomiya kung walang malusog na mga tao," ang sabi ng Minister Bethlenfalvy. "Sa nakalipas na taon, nakapako ang isipan natin sa pagprotekta sa mga tao sa COVID-19. Marami pang mga hadlang sa hinaharap. Nguni't sa pamamahagi ng mga bakuna sa bawa't sulok ng probinsya, ang pag-asa ay nasa abot-tanaw na. Handa na tayong tapusin ang tungkulin na sinimulan natin noong isang taon."

Ang *2021 Badyet* ay pinalalaki ang mga nakatalang pamumuhunan ng gobyerno sa pagtugon sa pangmundong pandemya, na nagbigay ng kabuuan ng mga pamumuhunan na $16.3 bilyon para sa pagprotekta sa kalusugan ng mga tao at $23.3 bilyon upang protektahan ang ating ekonomiya. Ang suporta sa planong aksyon ng Ontario sa COVID-19 ay may kabuuan na $51 bilyon na ngayon.

"Sa bandang huli ang pandemya ay malulutasan din natin. Sa ilang buwan, at hindi aabutin ng ilang taon," sabi ni Minister Bethlenfalvy. "Mararating din natin ang araw na iyon sa pamamagitan ng pagsisiskap at sakripisyo ng Samahang Ontario (Team Ontario). Ang ating gobyerno ay kaakbay natin sa bawa't hakbang upang maitupad ang ating pangako sa pagprotekta sa kalusugan at mga gawain ng mga tao. Kapag tuluyan naisara na natin ang kabanatang ito, may tiwala ako na ang mga tao sa Ontario ay tuluyang pauunlarin ang ekonomiya na kinakailangan para sa paglilikha ng mga gawain, kasaganahan at isang matatag na probinsya."

**Pagprotekta sa Kalusugan ng Mga Tao** ay ang unang haligi ng *2021 Badyet*. Kabilang ang mga hakbang sa pagsugpo ng COVID-19, pag-aayos ng pangmatagalang pangangalaga (long-term care) at pangangalaga sa mga tao.

"Ang mga bakuna ay kislap ng pag-asa, at ang mga tauhan ay handa na upang maiturok na ang mga bakuna sa mga braso pagdating nito sa probinsya," sabi ni Minister Bethlenfalvy. "Patuloy tayong mamumuhunan sa ating sistema ng pangangalaga sa kalusugan ngayon at sa mahabang panahon, pagpapalaki ng mga nakatalang pamumuhunan mula nang nagsimula ang pandemya upang maglikha ng mas maraming mga mahihigaan sa ospital, pagpapatayo at pagpapahusay ng mga ospital, karagdagang sa pagpapa-testing, at ayusin ang pangmatagalang pangangalaga."

Mga pinakamahalaga sa plano ng Ontario sa **pagsugpo ng COVID-19:**

- Ang bakunahan ang bawa't tao sa probinsya na nais magpabakuna, ang Ontario ay naglaan ng higit sa $1 bilyon na magagamit para sa plano ng pagpapabakuna sa buong probinsya. Ginagawa ring mas ligtas ng Ontario ang mga lugar ng trabaho, negosyo at komunidad sa $2.3 bilyon para sa pagpapa-testing at pagtunton sa mga pinakitunguhan (contact tracing).
- Upang protektahan ang mga bayani sa frontline at mga taong mahina, ang Ontario ay pinatupad ang magagamit na $1.4 bilyon para sa pansariling pangprotektang kagamitan (personal protective equipment) at kabilang ang higit sa 315 milyong mga mask at higit sa 1.2 bilyong mga guwantes.
- Upang maseguro ang bawat tao na nangangailangan ng pangangalaga sa isang ospital ay maaaring makakuha ng higaan, kahit sa pinakamalubhang panahon ng pandemya, ang gobyerno ay naglalaan ng karagdagang $5.1 bilyon upang suportahan ang mga ospital mula noong nagsimula ang pandemya, at pagpapatupad ng 3,100 karagdagang higaan sa ospital. Kabilang ang $1.8 bilyon sa 2021-22 upang ipagpatuloy ang pagbibigay ng pangangalaga para sa mga pasyente ng COVID-19, at asikasuhin ang naipon na mga naantalang pag-oopera (surgical backlog) at makaagapay sa mga pangangailangan ng mga pasyente.

Mga pinakamahalaga sa plano ng Ontario sa **pag-ayos ng pangmatagalang pangangalaga:**

- Upang asikasuhin ang ilang dekada sa pagpapabaya at tulong sa mga naghihintay makapasok sa long-term care, ang Ontario ay naglalaan ng karagdagang $933 milyon sa apat na taon, para sa kabuuan na $2.6 bilyon, upang suportahan ang paggawa ng 30,000 na mga bagong higaan sa long-term care. Ang Ontario ay maglalaan din ng $246 milyon sa susunod na apat na taon upang pahusayin ang kondisyon ng pamumuhay sa mga nakatayo nang mga tirahan, at siguruhin mayroong air conditioning para sa mga residente, upang ang mga minamahal ay maginhawang mamuhay at ligtas, may karangalan at paggalang.
- Upang pangalagaan ang mga minamahal sa long-term care mula sa nakakamatay na COVID-19 virus, ang Ontario ay naglalaan ng karagdagang $650 milyon sa 2021-22, na dinadala ang kabuuan ng mga pinagkuhanan na pinuhunan mula pa noong simula ng pandemya upang protektahan ang pinakamahina sa higit ng $2 bilyon.
- Upang siguruhin ang mga minamahal ay makatanggap ng pinakamahusay na kalidad ng pangangalaga sa Canada, ang Ontario ay maglalaan ng $4.9 bilyon sa apat na taon upang madagdagan ang karaniwang direktang pangangalaga sa araw araw ng apat na oras sa isang araw sa long-term care at tumanggap ng higit sa 27,000 bagong mga posisyon, kabilang ang mga manggagawang nagbibigay suporta nang personal sa mga pasyente (personal support workers) (PSWs) at mga narses.

Mga pinakamahalaga sa plano ng Ontario sa **pangangalaga sa mga tao:**

- Upang asikasuhin ang pangangailangan ng mas maraming mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, ang Ontario ay naglalaan upang suportahan ang ospital na makasaysayan sa pagpapalawak at pagtatayo ng mga proyekto, kabilang ang bagong panig para sa mga pasyenteng nasa ospital ng William Osler Health System's Peel Memorial, at ang patuloy na pagplaplano ng rehiyonal na ospital sa Windsor-Essex.
- Tulungan ang mga libong taong nagpupunyagi sa kalusugan ng kaisipan at mga isyu sa pagkaadikto, ang Ontario ay mabibigay ng karadagang pondo na $175 milyon sa 2021-22 bilang bahagi ng isang makasaysayang pamumuhunan na $3.8 bilyon sa 10 taon, upang makapagbigay ng mahigit at mahusay na pangangalaga sa bawa't isa na nangangailangan nito.

Alamin pa ang tungkol sa plano ng Ontario sa pangangalaga sa kalusugan ng mga tao.

Ang **Pagpoprotekta sa ating ekonomiya** ay ang pangalawang haligi ng *2021 Badyet* Nakabalangkas rito ang plano ng Ontario upang suportahan ang mga pamilya, manggagawa at mga nagpapatrabaho.

"Ang pangangailangang hakbang ng pampublikong kalusugan ang naging dahilan para sa mga manggagawa, pamilya at negosyante, nguni't hindi matututulan na sila ay nakaligtas ng mga buhay," sabi ni Minister Bethlenfalvy. " Pinahahalaganhan namin ang mga sakripisyo na nagawa. Gumagawa kami ng higit pang mga hakbang upang makapagbigay ng karadagang tulong at suporta sa mga labis na naapektuhan ng pandemya, kabilang ang pangatlong ikot ng pagbigay ng direktang bayad sa mga magulang, ang pagdoble ng Suporta sa Pagpondo sa Maliliit na Negosyo sa Ontario (Ontario Small Business Support Grant), at pagtulong sa mga manggagawa sa kanilang gastos sa pagsasanay."

Mga pinakamahalaga sa plano ng Ontario sa **pagsuporta sa mga manggagawa at pamilya:**

- Tulungan ang mga manggagawa sa kanilang mga gastusin sa pagsasanay, ang gobyerno ay magmumungkahi ng bagong Pag-awas sa buwis ng Pagsasanay sa Trabaho sa Ontario para sa taong 2021 (Ontario Jobs Training Tax Credit for 2021). Makapagbibigay ito hanggang $2,000 sa bawa't makatatanggap ng 50 porsiyento sa nararapat na mga gatusin, para sa kabuuang tinantiya na $260 milyon na tulong sa mga 230,000 mga tao sa 2021.
- Upang tulungan ang mga pamilyang - humarap sa mga bagong kagipitan at gastusin dahil sa pandemya - makapagtabi pa ng salapi sa kanilang mga bulsa, ang gobyerno ay magbibigay ng pangatlong ikot ng mga bayad upang tulungan ang mga magulang sa pamamagitan ng Ontario COVID-19 Benepisyo para sa mga Bata (Ontario COVID-19 Child Benefit), kabuuang $1.8 bilyon mula noong Marso. Ang bayad ay magiging doble sa halagang $400 sa bawa't bata para sa ikot na ito at $500 para sa bawa't batang may espesyal na pangangailangan, nagangahulugan na ang pamilya na may tatlong mga anak na batang bata pa, at ang isa sa kanila ay may espesyal na pangangailangan, ay makakatanggap ng $2,600 sa kabuuan pagkatapos ng pangatlong ikot ng mga bayaran.

- Upang tulungan ang mga magulang sa gastos na pag-aalaga ng bata at tulungan silang makabalik sa trabaho, ang gobyerno ay nagmumungkahi ng 20 porsiyento na makakataas sa Pag-awas sa buwis ng Pag-aalaga (CARE tax credit) para sa taong 2021. Madaragdagan ang tulong mula sa $1,250 hanggang $1,500, batay sa kabuuan, makapagbibigay ng mga $75 milyon na karagdagang tulong para sa mga gastusin sa pangangalaga sa bata para sa higit na 300,000 mga pamilya.

Mga pinakamahalaga sa plano ng Ontario sa **pagsuporta ng mga trabaho:**

- Upang tulungan ang mga maliliit na negosyo na labis na naapektuhan ng kinailangang paghihigpit upang maprotektahan ang mga tao mula sa COVID-19, ang Ontario ay magbibigay ng pangalawang ikot ng bayad ng Ontario Small Business Support Grant sa mga nararapat na mga makakatanggap. Humigit kumulang na 120,000 na mga maliliit na negosyo ay awtomatik na makikinabang, mula sa karagdagang $1.7 bilyon bilang suporta sa pangalawang ikot ng suporta sa pamaraan ng mga pondo sa pinakamababang halaga na $10,000 hanggang sa $20,000 - na tumatantyang kabuuan na ibinigay na suporta sa pamamagitan nitong pondo hanggang sa $3.4 bilyon.
- Upang tulungan ang turismo sa Ontario, ang magiliw at mabuting pagtanggap sa panauhin (hospitality) at kultura na mga industriya na labis naapektuhan ng pandemyang COVID-19, ang Ontario ay maglalaan ng karagdagang $400 milyon sa susunod na tatlong taon sa bagong mga inisyatibo upang tulungan ang mga sektor na ito. Ito ay makakaragdag sa dating pinahayag na mga pamumuhunan na $225 milyon, na ang kabuuan ay higit pa sa $625 milyon mula noong nagsimula ang pandemya.
- Upang ikonekta ang mga tahanan, negosyo at komunidad sa broadband - na dahilan sa COVID-19 ito ay isang pangangailangan, at hindi kaluhuhan - ang Ontario ay mamumuhunan ng $2.8 bilyon, na magdadala sa Probinsya ng kabuuan ng pamumuhunan na halos $4 bilyon sa anim na taon simula noong 2019-20.

Mga pinakamahalaga sa plano ng Ontario sa **pagsuporta sa mga komunidad:**

- Upang tulungan ang mga batay sa pananampalataya at kultura na mga organisasyon na nagpupunyagi dahilan sa mga karadagang mga gastos na dinulot ng COVID-19, ang Ontario ay gagawa ng hanggang sa $50 milyon na makukuhang pondo para sa mga nararapat na mga organisasyon.
- Upang suportahan ang 444 na mga munisipyo ng Ontario, ang mga mahalagang kasama sa pagsusugpo sa COVID-19, ang gobyerno ay magbibigay ng halos $1 bilyon na karagdagan na pananalaping tulong sa 2021 upang tulungan pangalagaan ang mga mahalagang pampublikong serbisyo at pagtulong sa pag-ahon ng ekonomiya.

Alamin pa ang tungkol sa plano ng Ontario sa pagprotekta ng ating ekonomiya.

*Mga Katotohanan*

- Katulad ng mga ekonomiya sa buong mundo, ang Ontario ay naapektuhan nitong malaking kabuluhan na pandemyang COVID-19. Ang totoong kalahatan ng produktong lokal [(gross domestic product) (GDP)] ng probinsya ay nakalkula na bumaba ng 5.7 porsiyento noong 2020. Habang ang ekonomiya ay bumabawi, ang totoong GDP ng Ontario at trabaho ay parehong nagpapalagay na maaalpasan nila ang mga kapantayan bago magkapandemya sa simula ng 2022.
- Ang Ontario ay nagpapalagay na $38.5 bilyon ang naging depisit nitong 2020-21. Sa kainamang panahon, ang gobyerno ay nagpapalagay nang matatag na pagbaba ng mga depisit ng $33.1 bilyon sa 2021-22 at $27.7 bilyon sa 2022-23 at $20.2 bilyon sa 2023-24.
- Upang makapagbigay ng kalinawagan tungkol sa mataas na baitang ng kawalang katiyakan ng ekonomiya, kasama sa *2021 Badyet* ang Mas Mabilis na Pag-unlad at Mas Mabagal na Pag-unlad na mga senaryo na ang ekonomiya ay maaaring makaalpas sa mga susunod na mga taon at maglarawan ng posibleng pag-apekto sa pananalapi ng Ontario.

*Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon*

2021 Badyet - Ang Planong Aksyon ng Ontario (2021 Budget - Ontario’s Action Plan):Pagprotekta sa Kalusugan ng mga Tao at ating Ekonomiya (Protecting People’s Health and Our Economy)

Basahin ang mga pinakamahalaga sa Planong Aksyon ng Ontario (Read highlights of Ontario’s Action Plan):Pagprotekta sa Kalusugan ng mga Tao at ating Ekonomiya (Protecting People’s Health and Our Economy)

Pagprotekta sa Kalusugan ng mga Tao (Protecting People’s Health)

Pagprotekta sa ating Ekonomiya (Protecting Our Economy)

Buod ng Ekonomiya at Panuusan (Economic and Fiscal Overview)

Basahin ang ulat ng Ministro sa Batasan (Read the Minister’s statement to the Legislature)

2020 Ontario Badyet - Ang Planong Aksyon ng Ontario (2020 Ontario Budget - Ontario’s Action Plan):Protektahan, Suportahan, Pagbawi (Protect, Support, Recover)